| MATATAG K to 10 Curriculum Weekly Lesson Log | School: | | Grade Level: | I |
|---|---|---|---|---|
| | Name of Teacher | | Learning Area: | READING & LITERACY |
| | Teaching Dates and Time: | MARCH 10-14, 2025 (WEEK 5) | Quarter: | Fourth |

| | DAY 1 | DAY 2 | DAY 3 | DAY 4 |
|---|---|---|---|---|
| **I. CURRICULUM CONTENT, STANDARDS, AND LESSON COMPETENCIES** | | | | |
| *A. Content Standards* | The learners demonstrate ongoing development in decoding high frequency words and content specific vocabulary, understand and create simple sentence in getting and expressing meaning about one's environment and content specific topics (narrative and informational) | | | |
| *B. Performance Standards* | The learners automatically recognize sight words, decodable words, express ideas; read sentences with appropriate speed, accuracy and expression; and narrate personal experiences with one's environment and content-specific topics. | | | |
| *C. Learning Competencies* | RL1PWS-IV-3 **Isolate sounds (consonants and vowels) in a word (beginning and/or ending).**<br>RL1PWS-IV-4 **Substitute individual sounds in simple words to make new words.**<br>RL1PWS-IV-5 **Sound out words accurately.**<br>RL1VWK-IV-1 Use vocabulary referring to self, family, school, community, and **environment.**<br>RL1VWK-IV-2. Identify words with different functions (**naming** and describing words). | RL1PWS-IV-5 **Sound out words accurately.**<br>RL1VWK-IV-1 Use vocabulary referring to self, family, school**,** community**,** and **environment.**<br>RL1VWK-IV-3 **Read high-frequency words accurately for meaning.**<br>RL1CAT-IV-1 Comprehend stories<br>**c. Infer the character's feelings and traits.**<br>**f. Identify cause and effect of events.**<br>**e. Relate story events to one's experience.** | RL1VWK-IV-1 Use vocabulary referring to self, family, school, **environment**, and environment.<br>RL1VWK-IV-2. Identify words with different functions (naming and **describing** words).<br>b. words that describe persons, places, things, **animals, actions**, **situations**, **ideas**, and emotions<br>RL1CAT-IV-1 Comprehend stories<br>a. Note important details in stories (character, setting, and | RL1PWS-IV-5 Sound out words accurately.<br>RL1VWK-IV-1 Use vocabulary referring to self, family, school, community, and **environment.**<br>RL1VWK-IV-3 Read high-frequency words accurately for meaning.<br>RL1CAT-IV-1 Comprehend stories<br>d. Predict possible ending.<br>g. Identify the problem and solution in stories<br>RL1CCT-IV Narrate one's personal experiences about the environment |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | a. **words that label persons, places,** things, **animals, actions, situations, ideas, and emotions** | | **events).**<br>**b. Sequence events in stories.** | RL1CCT-IV-3. Express ideas about the **environment** |



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | RL1CAT-IV-1 Comprehend stories.<br>**a. Note important details in stories character**, setting, and events).<br>b. Sequence events in stories. | | | RL1CCT-IV-4. Respond creatively to texts (myths, legends, fables, and **narrative poems**). |
| *D. Learning Objectives* | At the end of the lesson, the learners can:<br>● identify the beginning and ending sounds in words<br>● read high frequency words about the environment<br>● identify naming words<br>● note details from a story read or listened to<br>● describe characters in the story | At the end of the lesson, the learners can:<br>● use vocabulary words about the environment in sentences<br>● infer character traits and feelings<br>● identify cause and effect relationships in story or poem events<br>● relate to experiences to story events | At the end of the lesson, the learners can;<br>● use vocabulary referring to the environment<br>● identify describing words in sentences<br>● note details particularly story events<br>● sequence events in the story | At the end of the lesson, the learners can:<br>● use vocabulary words about the environment<br>● predict possible ending<br>● identify the problem and solution in the poem read<br>● narrate personal experiences about the environment<br>● respond creatively narrative texts |
| **II. CONTENT** | | | | |
| **III. LEARNING RESOURCES** | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *A. References* | Ang Bakuran ni Tina<br>-teacher made poem | Ang Bakuran ni Tina<br>-teacher made poem | Ang Bukid ni Mang Ben<br>-teacher made poem | Ang Bukid ni Mang Ben<br>-teacher made poem |
| *B. Other Learning Resources* | tsart, pangkulay, lapis, mga larawan | tsart, pangkulay, lapis, mga larawan | tsart, pangkulay, lapis, mga larawan | tsart, pangkulay, lapis, mga larawan |
| *C. Anchorage* | Pangangalaga sa kapaligiran tungo sa malinis sa kapaligiran | | | |
| **IV. TEACHING AND LEARNING PROCEDURES** | | | | |
| **Before/Pre-Lesson Proper** | | | | |
| *Activating Prior Knowledge* | Ask questions to present the lesson. | Ask questions to present the lesson. | Ask questions to present the lesson. | Ask questions to present the lesson. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Say:<br><br>*Sino-sino ang mga tao na palagi mong nakikita sa iyong paligid?*<br><br>*Anong mga kilos ang iyong nakikita na ginagawa nila?*<br><br>*Ano-ano ang mga hayop na madalas mong makita sa kapaligiran?*<br><br>*Ano-ano ang emosyon na nararamdaman mo kapag nakikita mo ang mga tao at hayop na iyong nabanggit sa iyong kapaligiran?*<br><br>*Ang mga bagay at hayop sa paligid ay nagbibigay sa atin ng iba't ibang damdamin.*<br><br>*Ang mga halaman at hayop ay nagsasabi sa atin na maayos at nasa mabuting kalagayan ang ating kapaligiran.* | Say**:**<br><br>*Naranasan mo na bang mamangha sa isang magandang lugar?*<br><br>*Bakit kamangha-mangha ang lugar na ito para sa iyo?*<br><br>*Ang mga lugar na ating nakikita at napupuntahan ay nagbibigay sa atin ng kakaibang damdamin at karanasan.* | Say:<br><br>*Naranasan mo na ba ang magtanim sa bukid o makakita ng nagtatanim sa bukid?*<br><br>*Paano mo ilalarawan ang karanasang ito?*<br><br>*Ang mga mgasasaka at mga katulong sa bukid ang nagbibigay sa atin ng mga prutas, butil at gulay.* | Say:<br><br>*Si Mang Ben ay isa lamang sa maraming magsasaka na nangangalaga sa kalikasan at nagbibigay sa atin ng pagkain.*<br><br>*Sino-sino pa ang mga tao sa ating pamayanan na nangangalaga sa kalikasan?*<br><br>*Gaano sila kahalaga?*<br><br>*Ang patuloy na pagyabong ng kalikasan ay dala ng mga tao na nangangalaga dito.*<br><br>*Ano ang mga bagay na ginagawa mo upang mapanatili ang ganda ng ating kapaligiran?* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Lesson Purpose/Intention* | Present the lesson targets for the day.<br><br>Say:<br><br>*Sa araling ito ay matutunan ninyo ang pakikinig sa mga bahagi ng kuwento partikular sa tauhan.*<br><br>*Pag-aaralan din natin ang mga salitang ipinatatawag sa* | Present the lesson targets for the day.<br><br>Say:<br><br>*Sa araw na ito ay matutunan natin ang mga salita na maiuugnay sa kapaligiran.* | Present the lesson targets for the day.<br><br>Say:<br><br>*Sa araw na ito ay matutunan ninyong ilarawan ang mga hayop at emosyon at sitwasyon sa binasang tula.* | Present the lesson targets for the day.<br><br>Say:<br><br>*Sa araw na ito ay matutunan ninyo na maghinuha ng posibleng katapusan ng tula.*<br><br>*Matutunan din ninyo na matukoy ang mga problema at* |
| | *mga tao, lugar, hayop, kilos, pagkakataon, sitwasyon, ideya at emosyon.*<br><br>*Sa pakikinig ng kuwento ay tandaan din ang mga katangian ng mga tauhan.* | *Mula sa ating binasang tula ay tutukuyin natin ang damdamin ng mga tauhan.*<br><br>*Itatambal din natin ang mga pangyayari sa mga pangyayari na naging dahilan ng pangyayari o sa mga naging bunga nito.*<br><br>*Magbabahagi din kayo ng inyong sariling karanasan na may kaugnayan sa paksa.* | *Mapagsusunod-sunod din ninyo ang mga panygyayari sa tulang nabasa.* | *solusyon sa isang binasang tula.*<br><br>*Magbabahagi din kayo ng mga kaugnay na karanasan tungkol sa kalikasan.* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Lesson Language Practice* | Present the target words for the lesson.<br><br>Say:<br><br>*Narito ang mga salita sa*<br><br>*tula. palaisdaan*<br><br> | Present the target words for the lesson.<br><br>Say:<br><br>Basahing muli ang mga salitang napag-aralan sa nakaraang kuwento.<br><br>*palaisdaan*<br><br>*mayayabong*<br><br>*bakuran*<br><br>*Narito ang larawan ng mga sumusunod na salita. Pagtambalin natin ang mga salita at larawan.*<br><br>*Narito ang ilang pangungusap para sa bawat salita. Sabihin ninyo ang tama kung ang ideya ay wasto at mali kung hindi.* | Present the target words for the lesson.<br><br>*nagbubunga*<br><br><br><br>*Magsasaka*<br><br> | Present the target words for the lesson.<br><br>Say:<br><br>*Sa naunang aralin ay natutunan mo ang mga salitang:*<br><br>*nagbubunga*<br><br>*magsasaka*<br><br>*panakot ibon*<br><br>*Ano-ano ang mga salitang maiuugnay mo sa salitang nagbubunga?*<br><br>*Ano ang mga gawain ng isang magsasaka?*<br><br>*Ano ang mangyayari kung walang panakot ibon sa bukid?* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *mayayabong*<br><br>*bakuran*<br><br>Basahin ang mga pangungusap upang matukoy ang kahulugan ng mga salita.<br>Malinis ang tubig sa palaisdaan kaya malalaki at malulusog ang mga isda.<br>Mayayabong ang mga puno sa bakuran kaya madaming dahon sa lupa.<br>Ang bakuran ni Mang | ______1. Maraming isda sa palaisdaan.<br>______2. Ang palaisdaan ay mayroong tubig,<br>______3. Ang mayabong na puno ay maraming dahon.<br>______4. Ang mga halaman ay hindi maaaring magkaroon ng mayabong na mga dahoon.<br>______5. Ang bakuran ay nasa labas ng bahay.<br>______6. Ang bakuran ay maaaring may bakod o wala. | *panakot ibon*<br><br>*Pagtambalin ang mga larawan sa mga salita.*<br>*Punan ang mga patlang ng wastong sagot.*<br>*Ang mga ____________ ay walang sawang magtanim.*<br>*Ang ______________ay nagtaboy ng mga ibon na kumakain ng mga tanim.*<br>*_____________ang mga puno makalipas ang ilang taon.* | *Gamitin natin ang mga salita sa sariling pangungusap.* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Juan ay puno ng mga puno at bulaklak. | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Ayon sa pangungusap, ang palaisdaan ay isang ______________para sa mga ____________.*<br>*Ang mga puno na maraming ______________ay itinuturing na mayabong.*<br>*Ang _____________ay ang ____________sa paligid ng iyong bahay na karaniwang tinataniman ng halaman.* | | | |
| | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Reading the Key Idea/Stem* | Present the poem for the lesson.<br><br>Say:<br>*Sa pagbasa ng tula ay tandaan ang mahahalagang detalye sa kuwento at ang mga katangian ng mga tauhan.*<br>**Ang Bakuran ni Tina**<br><br>Ang bakuran ni Tina ay maganda.<br><br>Mayroon itong palaisdaan na puno ng isda,<br><br>Maraming halaman na nakatanim,<br><br>Ang bawat puno ay nagbibigay lilim. | Present the poem for the lesson.<br><br>Say:<br>*Basahin nating muli ang tula.*<br><br>**Ang Bakuran ni Tina**<br><br>Ang bakuran ni Tina ay maganda.<br><br>Mayroon itong palaisdaan na puno ng isda,<br><br>Maraming halaman na nakatanim,<br><br>Ang bawat puno ay nagbibigay lilim.<br><br>Ang lahat ng dadaan ay namamangha | Present the poem for the lesson.<br><br>Say:<br>*Basahin natin ang tula at sagutin ang mga tanong.* **Ang Bukid ni Mang Ben**<br><br>Si Mang Ben ay isang magsasaka,<br><br>Bukid niya ay masigla at palaging sagana.<br><br>Sa gitna ng bukid ay ang panakot ibon,<br><br>Kamay nito ay dayami at buhok ay dahon.<br><br>Mataas at luntian ang mga mais, | Present the poem for the lesson.<br><br>Say:<br>*Basahin nating muli ang tula. Magtatala tayo ng mga posileng wakas ng kuwento sa ating tula.*<br><br>**Ang Bukid ni Mang Ben**<br><br>Si Mang Ben ay isang magsasaka,<br><br>Bukid niya ay masigla at palaging sagana.<br><br>Sa gitna ng bukid ay ang panakot ibon,<br><br>Kamay nito ay dayami at buhok ay dahon. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Ang lahat ng dadaan ay namamangha<br><br>Ang ganda at ang linis kanilang nawiwika!<br><br>Ang huni ng ibon ay parang musika,<br><br>Nakadapo sa malalaki at mayayabong na sanga.<br><br>Ang mga paruparo ay nagliliparan,<br><br>Mga bubuyog abala sa mga halaman.<br><br>Mayroon siyang aso na nagbabantay,<br><br>Upang mga halaman ay masiglang mabuhay.<br><br>Lubos na alaga ang alay ni Tina,<br><br>Sa kanyang bakuran ito ay kitang- kita.<br><br>Nagpapasalamat ang buong pamayanan niya,<br><br>Sa pagmamahal sa kalikasan at kanyang pagkalinga. | Ang ganda at ang linis kanilang nawiwika!<br><br>Ang huni ng ibon ay parang musika,<br><br>Nakadapo sa malalaki at mayayabong na sanga.<br><br>Ang mga paruparo ay nagliliparan,<br><br>Mga bubuyog abala sa mga halaman.<br><br>Mayroon siyang aso na nagbabantay,<br><br>Upang mga halaman ay masiglang mabuhay.<br><br>Lubos na alaga ang alay ni Tina,<br><br>Sa kanyang bakuran ito ay kitang- kita.<br><br>Nagpapasalamat ang buong pamayanan niya,<br><br>Sa pagmamahal sa kalikasan at kanyang pagkalinga.<br><br>*Tungkol saan ang tula?* | Mahaba ang mga tubo na kapag hinog ay matamis.<br><br>Sa isang bahagi ay mga matatayog na buko,<br><br>Sa isang bahagi ay mayayabong na puno.<br><br>Si Kikong Kalabaw ang kaniyang katuwang,<br><br>Sa araw-araw sila sa gawain ay nakaabang.<br><br>Buong sipag sila sa pagbubungkal ng lupa.<br><br>Upang mga buto ay maipunla.<br><br>Kalikasan sa kanila ay mapagbigay,<br><br>Sapagkat sipag nila ay walang kapantay.<br><br>Pag-iingat at pagpapanatili ng kaayusan,<br><br>Sa kanila ay nagbibigay ng aning puno ng kasaganahan.<br><br>1. Sino ang may-ari ng bukid? | Mataas at luntian ang mga mais,<br><br>Mahaba ang mga tubo na kapag hinog ay matamis.<br><br>Sa isang bahagi ay mga matatayog na buko,<br><br>Sa isang bahagi ay mayayabong na puno.<br><br>Si Kikong Kalabaw ang kaniyang katuwang,<br><br>Sa araw-araw sila sa gawain ay nakaabang.<br><br>Buong sipag sila sa pagbubungkal ng lupa.<br><br>Upang mga buto ay maipunla.<br><br>Kalikasan sa kanila ay mapagbigay,<br><br>Sapagkat sipag nila ay walang kapantay.<br><br>Pag-iingat at pagpapanatili ng kaayusan,<br><br>Sa kanila ay nagbibigay ng aning puno ng kasaganahan. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | 2. Ano-anong bagay ang makikita sa bukid? | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 1. Ano ang inilalarawan sa tula?<br>2. Ano-ano ang makikita sa bakuran ni Tina?<br>3. Paano inilalarawan ang bakuran ni Tina?<br>4. Bakit ganito ang bakuran niya?<br>5. Bakit nagpapasalamat sa kanya ang pamayanan? | *Ano-ano ang mga damdamin na naibibigay ng tula sa mga mambabasa nito?*<br>*Ang bawat pangyayari ay nagbubunga ng iba pang pangyayari.*<br>*Basahin natin ang linya na ito sa tula.*<br>Maraming halaman na nakatanim,<br>Ang bawat puno ay nagbibigay lilim.<br>*Ang lilim ng bakuran ay dahil sa maraming halaman na nakatanim dito.*<br>*Bakit malilim sa bakuran? Maraming tanim dito (sanhi)*<br>*Ano ang nangyari dahil malilim ang bakuran? (bunga)*<br>*Tandaan, lahat ng nangyayari ay may idudulot na pangyayari.* | 3. Sino ang tumutulong kay Mang Ben?<br>4. Ano ang ibinibigay sa atin ng kalikasan?<br>5. Ano ang dapat nating gawin upang magbalik sa atin ang kalikasan? | *Ano ang mga posibleng maging katapusan batay sa paano nagtapos ang tula?* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | *Ang kasalukuyang nagyayari ay bunga ng naunang mga pangyayari.* | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Developing Understanding of the Key Idea/ Stem* | Provide drills to practice the target skills.<br><br>Say:<br><br>*Mula sa binasang tula ay nakilala natin ang tauhan na si Tina?*<br><br>*Basahin natin ang mga pangungusap.*<br><br>*Si Tina ay mayroong malaki at magandang bakuran.*<br><br>*Masipag si Tina na mag-alaga ng halaman.*<br><br>*Sino ang inilalarawan sa mga pangungusap?*<br><br>*Saan makikita palagi si Tina?*<br><br>*Ano ang palaging ginagawa ni Tina?*<br><br>*Ang salitang Tina ay nagbibigay pangalan sa pangunahing tauhan o sa tao.*<br><br>*Ang salitang bakuran ay nagbibigay pangalan sa lugar.*<br><br>*Paano inilarawan si Tina?*<br><br>*Tama, si Tina ay masipag sapagkat naalagaan niya ang kanyang bakuran* | Provide drills to practice the target skills.<br><br>Say:<br><br>*Basahin natin ang iba pang bahagi ng tula.*<br><br>*Tukuyin ang damdamin ng tauhan sa mga linya sa tula at sagutin ang mga tanong na nagpapakita ng sanhi at bunga.*<br><br>Ang huni ng ibon ay parang musika,<br><br>Nakadapo sa malalaki at mayayabong na sanga.<br><br>*Ano ang damdamin ng mga ibon sa pagkakaroon ng mayabong na tahanan?*<br><br>*Ang linyang ito ay nagsasabi na:*<br><br>*Maligayang nakakahuni ang mga ibon dahil mayabong ang kanilang tinitirahan nap uno.*<br><br>*Ano ang dahilan ng maligayang huni ng mga* | Provide drills to practice the target skills.<br><br>Say:<br><br>Basahin ang mga pangyayari sa kuwento. Bilugan ang nga salitang naglalarawan sa mga pangyayari at tauhan sa tula.<br><br>1. Si Kikong kalabaw ay masipag na katulong ni Mang Ben.<br><br>2. Nakakatakot para sa mga ibon ang panakot-ibon ni Mang Ben.<br><br>3. Masagana ang bukid ni Mang Ben sa tuwina.<br><br>4. Maligaya ang mga halaman at hayop sa bukid ni Mang Ben.<br><br>5. Kapana-panabik ang anihan sa bukid ni Mang Ben.<br><br>*Ano ang salitang naglalarawan sa hayop?* | Provide drills to practice the target skills.<br><br>Say:<br><br>*Mayroong mga pangyayari sa tula na makakapgbigay sa atin ng ideya sa posibleng maging suliranin dito.*<br><br>*Halimbawa:*<br><br>*Kung walang panakot ibon si Mang Ben, anong posibleng problema ang mangyari?*<br><br>*Kung walang asong nagbabantay ng mga halaman, ano ang maaaring maging problema?*<br><br>*Kung kakaunti ang ani ni Mang Ben, ano ang maaaring maging problema?*<br><br>*Ang mga problema ay palaging may kaugnay na solusyon.* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Sino pa ang ibang tauhan na nabanggit sa tula?* | *ibon? (sanhi)* | *Ano ang salitang naglalarawan sa sitwasyon?*<br><br>*Ano ang salitang naglalarawan sa damdamin ng* | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Ano ang salitang maglalarawan sa mga taong ito?* | *Ano ang nangyari dahil sa pagkakaroon ng mayabong na mga puno? (bunga)*<br><br>Mayroon siyang aso na nagbabantay,<br><br>Upang mga halaman ay masiglang mabuhay.<br><br>*Ano kaya ang damdamin ng mga halaman na hindi sila nasisira dahil sa pagbabantay ng aso?*<br><br>*Nagbabantay ang aso sa mga halaman kaya nakakatubo ang mga ito nang mayos.*<br><br>*Ano ang sanhi ng pagtubo ng mga halaman nang maayos? (sanhi)*<br><br>*Ano ang nangyari dahil mayroong asong nagbabantay sa mga halaman? (bunga)* | *mga ibon kapag nakikita nila ang panakot ibon?* | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Deepening Understanding of the Key Idea/Stem* | Provide additional drills to further master the target skills.<br><br>Say:<br><br>*Ang bawat tauhan ay mayroong tauhan. Ang iba't ibang pangyayari sa kuwento* | Provide additional drills to further master the target skills.<br><br>Say:<br><br>Basahin ang mga pangungusap. Tukuyin ang | Provide additional drills to further master the target skills.<br><br>Say:<br><br>Basahing muli ang mga pangungusap sa naunang gawain. Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari sa tula. | Provide additional drills to further master the target skills.<br><br>Say:<br><br>*Basahin ang mga sumusunod na sitwsyon tungkol sa kapaligiran. Ano ang* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *ay nagpapakilala sa mga katangian ng tauhan.*<br><br>*Balikan natin ang mga linya sat ula.*<br><br>*Mula sa mga ito ay mag-ugnay tayo ng mga salita na maglalarawan kay Tina maliban sa salitang masipag.*<br><br>Ang lahat ng dadaan ay namamangha<br><br>Ang ganda at ang linis kanilang nawiwika!<br><br>Ang huni ng ibon ay parang musika,<br><br>Nakadapo sa malalaki at mayayabong na sanga.<br><br>*Ayon sa bahaging ito ng tula, paano mo ilalarawan si Tina?*<br><br>*Inaasahang sagot: malinis, mabait*<br><br>Lubos na alaga ang alay ni Tina,<br><br>Sa kanyang bakuran ito ay kitang- kita. | maaaring maging damdamin sa bawat pangungusap.<br><br>1. Napakalinis ng kapaligiran dahil ang lahat ay nagtatapon ng basura sa wastong tapunan.<br><br>(masaya, malungkot, galit)<br><br>2. Wala nang maririnig na huni ng ibon dahil putol na ang mga puno. (masaya, malungkot, galit)<br><br>3. Napakalinaw at banayad ang agos ng tubig sapagkat hindi ito natatapunan ng basura. (masaya, malungkot, galit)<br><br>4. Marami pang hayop sa gubat dahil hindi nasisira ang kanilang tahanan. (masaya, malungkot, galit)<br><br>5. Umiinit na ang mundo dahil sa mga nakakalasong gas na nililikha ng mga pabrika at sasakyan. (masaya, malungkot, galit) | ______Si Kikong kalabaw ay masipag na katulong ni Mang Ben.<br><br>______Kapana-panabik ang anihan sa bukid ni Mang Ben.<br><br>______Nakakatakot para sa mga ibon ang panakot-ibon ni Mang Ben.<br><br>______Sagana sa tanim bukid ni Mang Ben sa tuwina.<br><br>______Maligaya ang mga halaman at hayop sa bukid ni Mang Ben.<br><br>*Mahusay, napagsunod-sunod nyo ang mga pagyayari sa tulang ating nabasa* | *posibleng solusyon sa mga suliranin na naitala.*<br><br>1. Hindi makadaloy nang maayos ang ilog sa barangay.<br><br>2. Wala ng madapuan na puno ang mga ibon.<br><br>3. Maraming tao ang nagkakalat sa mga parke.<br><br>4. Hindi naghihiwalay ng basura ang mga tao sa pamayanan.<br><br>5. Nauubos na ang mga puno sa kagubatan.<br><br>Mula sa mga naibigay na problema sa kalikasan, ano ang posibleng maging katapusan.<br><br>Hal: Kung hindi makadaloy ang tubig sa ilog a barangay, agad na babaha sa pamayanan kung mayroong malakas na bagyo. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Nagpapasalamat ang buong pamayanan niya, | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Sa pagmamahal sa kalikasan at kanyang pagkalinga.<br><br>*Inaasahang sagot: responsible at matulungin* | | | |
| | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Making Generalizations and Abstractions* | Provide a synthesis for the lesson.<br><br>Say:<br><br>*Ano-anong mga bagay ang makakatulong sa atin upang mailarawan ang mga tauhan sa kuwentong binasa?*<br><br>*Inaasahang sagot: mga pangyayari, mga sitwasyon at damdamin, mga kilos at pananalita ng tauhan* | Provide a synthesis for the lesson.<br><br>Say:<br><br>*Ang mga pangyayari sa kuwento ay nagbibigay ng iba't ibang ____________________.*<br><br>*Ang lahat ng pangyayari ay mayroong dahilan o ________________________.*<br><br>*Ang lahat ng pangyayari ay nagdudulot ng resulta o ___________________.* | Provide a synthesis for the lesson.<br><br>Say:<br><br>*Ang mga kuwento at tula na ating binabasa o napapakinggan ay mayroong mga pangyayari.*<br><br>*Natutukoy natin ang tamang pagkakasunod-sunod sa pamamagitan ng pagtingin sa mga salita na nagsasabi ng oras*<br><br>*Balikan natin ang kuwento ni Daga at Kambing.*<br><br>*Ano ang unang pangyayari sa kuwentong iyon?*<br><br>*Ano ang sumunod?*<br><br>*Ano ang ikatlong*<br><br>*pangyayari? Ano ang*<br><br>*naging katapusan?* | Provide a synthesis for the lesson.<br><br>*Ang mga kuwento at tula ay mayroong katapusan.*<br><br>*Ang bawat katapusan ay maaaring magbunga ng iba pang pangyayari.*<br><br>*Ang mga problema ay mayroong solusyon.*<br><br>*Subukan nating balikan ang isang tula sa mga naunang aralin.*<br><br>*Kahit lubos ang pag-aalaga ni Tina sa kanyang hardin ay maaari pa rin siyang magkaroon ng suliranin. Ano- ano kaya ang mga ito?*<br><br>*Inaasahang Sagot:*<br><br>*Maaaring magkaroon ng peste na sisira sa mga halaman.* |
| | | | | *Maaaring masira ng bagyo ang mga tanim.* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Evaluating Learning* | Gauge the learners' retention of the lesson through additional practice.<br><br>Say:<br><br>*Balikan ang mga nabasang kuwento sa klase. Bilugan ang tamang sagot.*<br><br>*Sa kuwentong Si Pusa at Manok, ano ang mga salitang maglalarawan kay Manok dahil siya ay nagtatanim ng mga halaman bago mag tag-ulan?*<br><br>a. masipag<br><br>b. malambing<br><br>*Sa kuwentong, si Pusa at Manok, ano ang mga salitang maglalarawan kay Pusa dahil ipinangako niya na palagi siyang tutulong kay Manok?*<br><br>a. matulungin<br><br>b. masayahin<br><br>*Sa kwentong si Daga at si Kambing, palaging nakangiting naglalaro ng piko* | Gauge learners' retention of the target skills.<br><br>Say:<br><br>Bilugan ang sanhi at ikahon ang bunga sa bawat pangungusap.<br><br>1. Napakalinis ng kapaligiran dahil ang lahat ay nagtatapon ng basura sa wastong tapunan.<br><br>2. Wala nang maririnig na huni ng ibon dahil putol na ang mga puno.<br><br>3. Napakalinaw at banayad ang agos ng tubig sapagkat hindi ito natatapunan ng basura.<br><br>4. Marami pang hayop sa gubat dahil hindi nasisira ang kanilang tahanan.<br><br>5. Umiinit na ang mundo dahil sa mga nakakalasong gas na nililikha ng mga pabrika at sasakyan. | Gauge the learners' retention of the lesson through additional practice.<br><br>Say:<br><br>*Narito ang mga pangyayari na maaaring mangyari sa pag- aani ng mga tanim na palay hanggang sa pagdala dito sa pamilihan.*<br><br>Basahin mabuti ang mga ito at lagyan ng 1-5 ayon sa tamang pagkakasunod-sunod.<br><br>__Dadalhin ang mga palay na naging bigas sa pamilihan.<br><br>___Itatanim ang mga punla ng palay.<br><br>__Gagapasin o puputulin ang mga hinog na palay.<br><br>______Papakakihin ang mga punla hanggang mamunga ng mga palay. | Gauge the learners' retention of the lesson through additional practice.<br><br>Say:<br><br>Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon at salungguhitan ang suliranin o problema sa bawat sitwasyon.<br><br>1. Barado ang mga kanal sa pamayanan kaya bumabaha sa mga kalye kapag malakas ang ulan.<br>2. Natumba ang maraming puno dahil sa napakalakas na bagyo.<br>3. Hindi na nakakolekta ang basurero ng basura kaya maraming langaw sa paligid.<br>4. Hinuhuli maski ang maliliit na isda kaya wala nang mahuli na isda sa ngayon.<br>5. Hindi nabantayan ng mga awtoridad ang mga |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | mangangaso kaya naubos ang mga hayop sa gubat. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *si Daga, paano siya maialarawan?*<br>a. mainipin<br>b. masayahin<br><br>*Sa kuwentong si Daga at si Kambing, pinagbigyan ni Kambing ang hiling ni Daga na maglaro. Paano mailalarawan si Kambing?*<br>a. maaalalahanin<br>b. makakalimutin<br><br>*Sa kuwentong, Kaninong Sapatos Ito? mabilis na tumakbo ang galit na Leon. Paano siya ilalarawan.*<br>a. maamo<br>b. matapang | | ______Dadalhin ang mga butil ng palay sa kiskisan upang maging mga butil ng bigas. | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Additional Activities for Application or Remediation (if applicable)* | Provide a group drill to foster mastery of the lesson.<br><br>Say:<br><br>*Hahatiin ang klase sa mga grupo.*<br><br>*Pipili ang mga miyembro ng isang kuwento. Mula sa kuwentong ito ay pipili ng* | Provide a group drill to foster mastery of the lesson.<br><br>Say:<br><br>Hahatiin ang klase sa mga grupo. Bawat grupo ay bibigyan ng larawan ng isang bahagi ng kapaligiran tulad ng bukid, gubat, dagat o bundok. Magtatala ang bawat grupo ng dalawang sitwasyon *na* | Provide a group drill to foster mastery of the lesson.<br><br>Say:<br><br>*Hahatiin ang mga bata sa mga grupo. Mula sa mga naging kuwento sa klase ay pipili sila ng isa at susulat ng limang mahahalagang pangyayari ayon sa pagkakasunod-sunod.* | Provide a group drill to foster mastery of the lesson.<br><br>Say:<br><br>*Hahatiin ang klase sa mga grupo. Babalikan nila ang mga sitwasyon sa naunang gawain. Susulat sila ng isang pangungusap na magsasabi ng posibleng maging wakas* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *tauhan at magtatala ng tatlong salita na maglalarawan dito.* | *maaaring mangyari sa bawat lugar. Isusulat nila ang mga sitwasyon na ito sa anyong sanhi at bunga.*<br><br>*Hal: Ang bundok ay tahanan ng mga ibon sapagkat sagana ang mga ito sa puno.*<br><br>*Sanhi: Sagana sa puno*<br><br>*Bunga: Ang bundok ay tahanan ng mga ibon* | | *ng mga sumusunod na pangyayari.*<br><br>1. Barado ang mga kanal sa pamayanan kaya bumabaha sa mga kalye kapag malakas ang ulan.<br><br>Posibleng Mangyari:<br><br>2. Natumba ang maraming puno dahil sa napakalakas na bagyo.<br><br>Posibleng Mangyari:<br><br>3. Hindi na nakakolekta ang basurero ng basura kaya maraming langaw sa paligid.<br><br>Posibleng Mangyari:<br><br>4. Hinuhuli maski ang maliliit na isda kaya wala nang mahuli na isda sa ngayon.<br><br>Posibleng Mangyari: |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | 5. Hindi nabantayan ng mga awtoridad ang mga |
| | | | | mangangaso kaya naubos ang mga hayop sa gubat.<br><br>Posibleng Mangyari: |
| *Remarks* | | | | |
| *Reflection* | | | | |

Prepared by:

_______________________
Subject Teacher

Reviewed by:

_______________________
Master Teacher/Head Teacher

Approved by:

_______________________
School Head